Mataas na paaralan ng Isshiki kagawaran ng disenyo ng buhay, pangatlong taon John (Castro).

Noong Mayo ng unang taon sa sekondarya ako ay pumunta sa Japan. Noong ang alam ko lamang na hapon ay “Ohayogozaimasu(Magandang umaga)” “Konichiwa(Magandang tanghali)” at “Sayonara(Paalam)”. Hindi ako pumunta sa paaralan ng hapon(Japanese language school) kung kaya't wala ako naintindihan sa klase. Hindi rin ako nagkaroon ng kaibigan kahit isa kaya sinabi ko sa sarili ko “Kahit nahihiya ako kailangan ko gumawa ng kaibigan”. Sa loob ng kalahating taon, nagpursigi akong kabisaduhin mag-isa ang sulat ng hapon na hiragana, katakana at paraan ng pananalita. Bago ako magtapos ng sekondarya, sinabi sakin ng guro ko na “Maraming banyaga sa Teijisei(pang-gabing paaralan) kaya masaya doon” . Subalit, interesado ako sa kursong kagawaran ng disenyo ng buhay sa mataas na paaralan ng Isshiki.Sa kursong napili ko ay hindi lang babae at mayroong mga lalaki rin. Masaya parin ako kahit tatlo lamang ang lalaki na nasa pangatlong taon. Ang kagawaran ng disenyo ng buhay ay mayroong kursong fashion design at food design. Ang kurso ko ay fashion design. Sa kurso ng fashion, gumagawa kami ng Yukata, Jinbei, skirt, kamiseta, Himekimono kung tawagin ay maliit na Kimono. Tinuturuan kami ng mga guro sa fashion design upang makagawa ng sarili naming yukata. Tungkol naman sa food design, nagluluto sila ng iba't ibang klaseng putahe. Kahit na mahirap ang mga pagsusulit, kahit sino ay maaring sumubok.

Noong ako ay nasa unang taon ng mataas na paaralan(high school), nagkaroon ako ng maraming problema. Iyon ay mayroong limang(5) karagdagang sa pagsusulit. Noong nasa pangalawang taon ng mataas na paaralan(high school) ay ginawa ko ang aking makakaya kaya wala na akong mga karagdagang pagsusulit. Ang iskursiyon ng paaralan ay sa pangalawang taon ng mataas na paaralan(high school). Dahil sa corona virus, hindi naituloy ang iskursiyon ng paaralan na ang pupuntahan sana ay sa Okinawa. Hindi pa ako nakapunta sa lugar na iyon kaya nasabik ako ngunit sa kasamaang palad ay nakansela ito.

Pagdating sa mataas na paaralan(high school) ay iisipin ang sariling kurso kasama ang guro at mga magulang. Simula noong tumungtong ako sa mataas na paaralan(high school) ay nakinig ako sa mga kwento at pumunta rin ako sa aktibidad na tinatawag ay Open campus(Pagbisita sa paaralan). Pupuntahan at titignan ang unibersidad at bokasyonal na paaralan na interesado ka at makikinig sa paliwanag. Ang pangarap ko ay maging tagapag-ayos ng buhok. Pumunta ako sa open campus ng bokasyonal na paaralan sa tagapagayos ng buhok(Cosmetologist Vocational School). Napakasaya ko. Tinuruan ako ng maraming bagay ng mga nakakataas saakin(Senpai). Talagang naisip ko na “Ang galing nila”.

Noong huling kalahati ng pangalawang taon (sa high school), medyo naguluhan ako kung papasok ako sa bokasyonal na paaralan o magtrabaho. Kumunsulta ako sa aking guro at pamilya. Sinabihan ako na “Pwede kang pumasok sa bokasyonal ngunit magiging mahirap”. Kahit naging pangatlong taon na ako inisip ko ng mabuti at nagpasya akong magtrabaho. Dulot ng corona hindi na makapagtrabaho ang mga kamaganak ko sa pilipinas kaya naisipan ko na “Kailangan ko rin tumulong”.

Upang makakuha ako ng trabaho ay nagpursigi akong mag-aral. Maraming mahihirap na bagay ang kailangan malaman dito Japan ngunit nagbibigay kaligayan kapag natuto ako ng mga bagong bagay. Sa mga tao na nakarating sa Japan noong elementarya, sa tingin ko medyo madali na ang pag-aaral sa sekondarya at mataas na paaralan kaya't magpursigi sa pag-aaral. Sa mga estudyante na dumating sa bansang Hapon ng sekondarya, ay mayroong maga bagay na magiging mahirap, ngunit ito ay malalampasan at magagawa mo iyon kapag ikaw ay nagsikap. Kagaya ng iba, may mga panahon din ako noon na naiisip

kong “Napaka hirap naman ng Japanese, gusto ko nang sumuko”. Ngunit nagpursigi ako para sa sarili ko. Nakapasok ako sa kurso ng disenyo ng buhay sa mataas na paalaran ng Isshiki, kaya tiyak na magagawa nyo rin ito. Gawin nyo ang makakaya nyo. Sinusuportahan ko kayo.